Pagbibilang sa mga Estudyante sa Kolehiyo

Ikaw man ay nakatira sa loob o labas ng kampus o sa bahay kasama ang pamilya, kailangan mong mabilang sa 2020 Senso. Dapat mong ibilang ang iyong sarili kung saan ka nakatira o natutulog nang pinakamadalas, kahit na pansamantala kang namamalagi sa ibang lugar.

Mga Pasilidad ng Pabahay para sa Estudyante

Kung nakatira ka sa pabahay para sa estudyante—sa loob o labas ng kampus— makikipagtulungan ang mga empleyado ng Kawanihan ng Senso ng U.S. sa isang kinatawan mula sa iyong gusali upang masigurong mabibilang ka sa 2020 Senso.

Kabilang sa pabahay para sa estudyante sa kolehiyo, unibersidad, at seminaryo ang mga residence hall, apartment kung saan pinapasok ng mga estudyante ang mga pag-upa na "ayon sa higaan" (iyon ay, iisang pananagutan na mga pag-upa) at pabahay ng fraternity at sorority na kinikilala ng kolehiyo o unibersidad.

Ang pangunahing pakikipag-ugnayan para sa iyong pasilidad ng pabahay para sa estudyante ay maaaring mamahagi ng palatanungan ng senso sa iyong silid para kumpletuhin mo, o bibigyan ng paaralan ang Kawanihan ng Senso ng impormasyon ng direktoryo tungkol sa iyo.

Kahit wala ka sa iyong pabahay para sa estudyante dahil sa pansamantalang pagsasara ng paaralan dahil sa COVID-19, ikaw ay mabibilang sa pabahay para sa estudyante kung saan ikaw ay kadalasang naninirahan.

Mga Pribadong Tirahan

Kung ikaw ay nakatira sa isang tirahan sa labas ng kampus na hindi partikular na para sa mga estudyante sa kolehiyo—gaya ng pribadong tirahan o apartment—dapat kang sumagot sa 2020 Senso online, sa pamamagitan ng telepono o sa pamamagitan ng sulat. Magpapadala ang Kawanihan ng Senso ng imbitasyon sa sulat sa iyong sambahayan para sagutan ang senso simula sa kalagitnaan ng Marso 2020.

Dapat mong ibilang ang iyong sarili sa iyong address sa labas ng kampus kahit pupunta ka sa ibang lugar para sa mga bakasyon mula sa paaralan o kung ikaw ay pansamantalang namamalagi sa ibang lugar, kabilang ang sa iyong mga magulang, kung ang iyong paaralan ay sarado dahil sa COVID-19.

Maaapektuhan ng estadistika mula sa 2020 Senso ang pagpopondo para mga kritikal na programa para sa estudyante sa kolehiyo kabilang ang:

- Kaligtasan ng paaralan.
- Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip.
- Mga programa para sa kagalingan ng estudyante.
- Pederal na Programang Pell Grant
- Mga gawad para sa edukasyon ng adult.
- Edukasyon sa agrikultura, agham at inhinyeriya.
- Medicaid.

Maaaring gamitin ng iyong kolehiyo ng komunidad ang estadistika ng senso upang:

- Suportahan ang mga inisyatiba ng komunidad.
- Ipakita ang pangangailangang tulungan ang mga nonprofit na organisasyon at mga pangkat ng pagtataguyod.
- Magpasya kung palalawakin ang mga pasilidad ng kolehiyo.

Tandaan: Ang mga kamag-anak kung saan ikaw ay mamamalagi sa panahon ng bakasyon mula sa paaralan o sa panahon ng mga pansamantalang pagsasara ng paaralan ay hindi ka dapat ibilang sa kanilang mga palatanungan ng senso.

Kumonekta sa amin:
@uscensusbureau

Para sa higit pang impormasyon:
2020CENSUS.GOV

Shape your future
START HERE >

United States® Census 2020

Ang isang tao mula sa iyong apartment o bahay na may kasamang naninirahan ay dapat punan ang palatanungan ng senso sa ngalan ng iyong sambahayan at isama ang impormasyon ng lahat ng nakatira roon. Kung hindi ka sigurado kung nakasagot na ang iyong kakwarto para sa iyo, mangyaring sumagot at isama ang lahat ng karaniwang naninirahan kasama mo sa paaralan. Mayroon kaming tools para hindi madoble ang iyong mga sagot. Mas nanaisin naming alisin ang mga doble kaysa mawala ang iyong sagot o ng iyong kakwarto.

Kung ikaw ay nakatira sa labas ng kampus kasama ang iyong pamilya sa buong taon ng paaralan, dapat kang ibilang ng iyong pamilya sa palatanungan ng senso nito.

Mga Estudyanteng mula sa Ibang Bansa

Ang mga estudyanteng mula sa ibang bansa na naninirahan sa Estados Unidos ay dapat sundin ang naaangkop na gabay para sa kanilang sitwasyon sa pabahay. Ang mga estudyante sa kolehiyo na naninirahan sa labas ng Estados Unidos habang pumapasok sa kolehiyo noong Abril 1, 2020, ay hindi bibilangin sa senso.

Kumonekta sa amin:
@uscensusbureau

Para sa higit pang impormasyon:
2020CENSUS.GOV

Shape your future
START HERE >

United States® Census 2020